Paggawa ng Desisyon para sa mga Taong May Kapansanan

Isang Pangkalahatang-ideya para sa mga Self-Advocate, Miyembro ng Pamilya, at Tagasuporta

SUPPORT FOR FAMILIES
EDUCATION • EMPOWERMENT • EQUITY

California State Council on Developmental Disabilities

Edad ng Karamihan

Kapag ang isang tao ay tumuntong sa edad na 18, lahat ng karapatan sa ilalim ng batas ng estado at pederal ay malilipat mula sa magulang/tagapag-alaga patungo sa nakababatang nasa hustong gulang.

Anong uri ng mga desisyon?

Pangangalagang Pangkalusugan

Pagpili ng medikal na plano

Pagpili ng mga doktor/therapist

Mga Desisyon sa Medikal na Paggamot (pag-unawa sa mga bentaha at disbentaha)

Pag-access sa Pangangalagang Pangkalusugan

Mga Karaingan at Adbokasiya

Anong uri ng mga desisyon?

Usaping Pinansyal

Personal na Budget

Mga Bank Account

Mga Credit Card

Anong uri ng mga Desisyon?

Edukasyon

Mga plano para sa Special Education o 504 sa mga paaralan

Pag-access sa mga rekord (kolehiyo o K-12)

Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa kolehiyo o unibersidad

Anong uri ng mga Desisyon?

Mga Personal na Desisyon

Mga kaayusan sa paninirahan

Personal na relasyon

Mga aktibidad

Anong uri ng mga Desisyon?

Legal

Pagbabahagi ng iyong impormasyon

Pag-aaplay para sa mga serbisyo (ibig sabihin, Regional Center, CalFresh o MediCal)

Pagpirma ng mga Kontrata

Pagboto

Paano gumagawa ng desisyon ang mga tao kung kailangan nila ng tulong?

Maaaring may ibang taong gumagawa ng desisyon para sa kanila; sa modelong ito, may isang taong pumapalit o **humahalili** para sa indibidwal.

Maaaring gawin ng indibidwal ang kanilang sariling desisyon, na may kaunti o maraming **suporta** mula sa iba.

Mayroong iba't ibang opsyon para sa mga may kapansanan at kanilang mga pamilya sa hanay na ito.

KAHALILI SUPORTA

Conservatorship (Pangangalaga sa Kapakanan)

Ang conservatorship ay isang proseso sa korte kung saan pinagpapasyahan ng hukom kung kaya mong alagaan ang iyong sariling kalusugan, pagkain, pananamit, tirahan, pananalapi, o personal na pangangailangan.

Sa pamamagitan ng conservatorship, maaaring pumili ang hukom ng ibang tao upang gumawa ng ilan (limitadong conservatorship) o lahat ng desisyong ito para sa iyo.

CONSERVATORSHIP

PAGHALILI

SUPORTA

Conservatorship (Pangangalaga sa Kapakanan)

Maaari lamang magtalaga ng isang conservator (tagapangalaga ng kapakanan) ang hukom kung kinakailangan ito upang isulong at protektahan ang kapakanan ng isang tao.Maaari lamang magtalaga ng isang conservator (tagapangalaga ng kapakanan) ang hukom kung kinakailangan ito upang isulong at protektahan ang kapakanan ng isang tao.

Conservatorship at mga Taong May Kapansanan sa Intelektwal at Pag-unlad

- **Ang limitadong conservatorship ay karaniwang ginagamit para sa mga taong may kapansanan sa intelektwal at pag-unlad.**

Maaari lamang mamahala ang conservator sa pangangalaga sa indibidwal o maaari niya ring pamahalaan ang pananalapi nito.

- Kung sila ang may pananagutan sa pangangalaga at proteksyon ng isang tao, ito ay tinatawag na **conservatorship ng indibidwal**.
- Kung pinamamahalaan nila ang pananalapi, ito ay tinatawag na **conservatorship ng ari-arian**.

Mga Hukuman ng California, Self Help Guide, Conservatorship

7 kapangyarihang maaaring ipagkait sa isang limitadong conservatorship

Paninirahan	Pagpapasya kung saan titira ang tao.
Mga Rekord	Pag-access sa kumpidensyal na talaan at dokumento ng tao.
Pag-aasawa	Kinakailangan ang pahintulot para makapag-asawa ang indibidwal.
Mga Kontrata	Magpasya kung papasok sa isang kontrata.

7 kapangyarihang maaaring ipagkait sa isang limitadong conservatorship

Medikal	Magbigay o tumanggi ng pahintulot para sa medikal na paggamot sa kanilang ngalan.
Relasyon	Gamitin o limitahan ang kanilang karapatang kontrolin ang panlipunan at sekswal na ugnayan.
Edukasyon	Gumawa ng mga desisyon tungkol sa edukasyon.

Bentaha at Disbentaha ng Conservatorship

Bentaha

- May isang dokumento lamang, kaya maaaring mas madali ito para sa mga magulang/conservator.
- Iniisip ng ilang magulang na ito ang pinakamabisang paraan upang protektahan ang legal at pinansyal na interes ng kanilang kapamilyang may kapansanan.
- May malinaw na prosesong legal na sinusunod at kinikilala sa maraming pagkakataon.

Disbentaha

- ***Pinakarestriktibong*** paraan ng pagtulong sa isang taong may kapansan sa pag-unlad.
- Magastos ang conservatorship at maaaring mangailangan ng tulong ng isang abogado. ***(Matapos ang AB 1663, kung magkasundo ang conservator at ang taong nasa ilalim ng conservatorship, maaaring ipawalang-bisa ng korte ang conservatorship nang walang pagdinig.)***
- Ang korte, hindi ang pamilya, ang nagpapasya kung sino ang magiging conservator.
- Ang mga taong nasa ilalim ng conservatorship ay hindi awtomatikong ligtas sa pang-aabuso, pag-aresto, o panloloko sa pinansyal.

Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon (SDM)

Ang Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon (Supported Decision Making, SDM) ay ang paggawa ng sariling desisyon ng isang taong may kapansanan (person with a disability, PWD) sa tulong ng isang pinagkakatiwalaang koponan na siya mismo ang pumili.

Ang koponan ay maaaring binubuo ng mga miyembro ng pamilya, katrabaho, kaibigan, at mga kasalukuyan o dating provider.

SINUSUPORTAHANG PAGGAWA NG DESISYON (SDM)

PAGHALILI

SUPORTA

Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon (SDM)

Koponan	Ang taong may kapansanan (PWD) ang pumipili ng koponan ng mga tagasuporta upang tumulong sa pag-unawa, pagsusuri, at pagpapahayag ng mga desisyon.
Flexible	Puwedeng magpasya ang PWD kung gagawa ng nakasulat na kasunduan para sa SDM o basta pumili ng mga tagasuporta para sa anumang desisyon o tagal ng panahon.

Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon (SDM)

Naaayon	Pinipili ng PWD kung paano at kailan niya gustong makatanggap ng suporta.
Naaangkop	Puwedeng umasa ang PWD sa mga tagasuportang kilala na niya, kahit walang nakasulat na kasunduan sa sinusuportahang paggawa ng desisyon.
Tagapagpasya	Ang PWD ay nananatiling may kontrol at kapangyarihan sa kanilang mga pagpili.

Mga Bentahan at Disbentaha ng Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon

Bentaha

- Pinakamataas na pagpapahalaga sa kakayahan at kalayaan ng PWD.
- Libreng gamitin o subukan, at madaling baguhin o wakasan anumang oras.
- Maaaring mabawasan nito ang stigma (kahihiyan) at pataasin ang pagpapahalaga sa sarili ng PWD sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa ‘dignity of risk’ (karapatang pumili kahit may kaakibat na panganib).
- Ipinapakita ng ilang pag-aaral na nababawasan ang panganib ng pang-aabuso kapag may koponan ng tagasuporta ang PWD.

Disbentaha

- Ang SDM ay hindi pa malawakang kilala at maaaring tutulan ng mga propesyonal.
- Kahit ang mga tagasuporta na hindi tagapangalaga ay maaaring makahadlang sa pagiging malaya ng PWD o sumalungat sa mga desisyon nito.
- Sa ilang pagkakataon, ang PWD ay maaaring hindi kilalanin (o ituring) bilang pangunahing tagapagpasya, at sa halip, maaaring nakatuon ang pansin sa mga tagasuporta.

Mga Kasamang Dokumento/Mga Alternatibo sa Conservatorship

Gumagamit ang mga PWD ng iba pang alternatibo sa conservatorship, na karaniwang binubuo ng (mga) nakasulat na kasunduan sa pagitan nila at ng isang taong tumutulong sa kanila. Ang mga ito ay maaaring malawak, tulad ng durable power of attorney, o maaaring partikular sa isang ahensya o serbisyo, tulad ng isang awtorisadong kinatawan para sa Kaiser Medical Care.

Maaaring stand-alone ang mga dokumentong ito, o magagamit ang mga ito sa isang sinusuportahang proseso ng paggawa ng desisyon.

Karamihan sa mga dokumentong ito ay nagbibigay ng pahintulot sa indibidwal na itinalagang humalili sa PWD, ngunit may karapatan ang PWD na wakasan ang mga kasunduang ito anumang oras.

MGA COMPANION DOCUMENT



PAGHALILI

SUPORTA

Mga Common Companion Agreement (mga alternatibo sa conservatorship)

Durable Power of Attorney	Nagbibigay ito sa ibang tao ng kakayahang gumawa ng desisyon para sa PWD. Ang ilan sa mga ito ay sumasaklaw lamang sa ilang uri ng desisyon, tulad ng medikal o pinansyal, ngunit may ilan ding sumasaklaw sa dalawang ito.
Awtorisadong Kinatawan	Isang terminong madalas gamitin sa pangangalagang pangkalusugan. Ang awtorisadong kinatawan ay maaaring kumilos para sa PWD sa anumang usaping medikal, o maaaring limitahan ng PWD kung ano lang ang puwedeng pagpasyahan ng awtorisadong kinatawan. Maaaring kanselahin o baguhin ng PWD ang pagtatalaga na ito anumang oras.
Mga Paunang Direktiba ng Pangangalaga	Para sa pangangalagang medikal, ang paunang direktiba (advanced directive) ay nagbibigay-daan sa PWD na magtalaga ng isang health agent upang gumawa ng mga desisyon kapag siya ay may sakit at pinapayagan nito ang PWD na magdesisyon nang maaga tungkol sa kanyang pangangalagang pangkalusugan.

Mga Common Companion Agreement (mga alternatibo sa conservatorship)

Kinatawang Tagapamahala ng Bayad	Itinalaga ng Social Security upang pamahalaan ang pagbabayad ng benepisyo. Maaaring makipag-ugnayan ang PWD sa Social Security upang palitan o alisin ang isang kinatawang tagapamahala ng bayad.
Mga joint bank account, Special Needs Trust, at CalAble	Maaaring magbukas ang PWD ng joint account kasama ang pinagkakatiwalaang kaibigan o kapamilya. Sa isang special needs trust, ang trustee ang namamahala sa pondo.

Mga Bentaha at Disbentaha ng _Companion Document

Bentaha

- Tulad ng SDM, maaaring magdesisyon ang PWD kung sino ang tutulong sa bawat aspeto.
- Ang mga kasunduan ay kusang-loob at maaaring wakasan ng PWD.
- Maaaring magkaroon ng mababang gastos.
- Kinikilalang legal na proseso.

Disbentaha

- Maaaring ito ang pinakakomplikadong alternatibo, dahil sa dami ng kasunduang kailangang i-renew nang pana-panahon.
- Marami sa mga dokumentong ito ang kailangang ipanotaryo, na maaaring maging hamon kung may suliranin sa komunikasyon ang PWD.
- Maaaring palitan ng mga tumutulong ang mga desisyon ng PWD, dahil pinapayagan nito ang parehong suporta at pagpapalit.

Mga Dapat Isaalang-alang sa mga Opsyon sa Paggawa ng Desisyon

Madalas na tinitingnan ng mga pamilya ang desisyong ito bilang pagpili sa pagitan ng autonomiya/kalayaang magpasya at kaligtasan ng PWD (taong may kapansanan).

Maraming pagpipilian para sa PWD at kanilang pamilya na dapat pag-isipan, bawat isa ay may kanya-kanyang bentaha at disbentaha.

Ngunit walang garantiya ng kaligtasan sa anumang kaayusan, kabilang ang conservatorship.

MAY MGA TANONG KA BA?

California State Council on Developmental Disabilities

Ang gawaing ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng isang grant mula sa SCDD at SDM-TAP.

Mga Mapagkukunan

https://selfhelp.courts.ca.gov/conservatorship

(Mga Hukuman ng California [California Courts])

https://www.disabilityrightsca.org/publications/limited-conservatorships-alternatives

(Karapatan ng mga May Kapansanan [Disability Rights California])

https://scdd.ca.gov/supported-decision-making-resources/

(Konseho ng Estado para sa mga Indibidwal na May Kapansanan sa Pag-unlad [State Council for Developmental Disabilities])

https://supporteddecisionmaking.org/

(Pambansang Sentro ng Mapagkukunan para sa Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon [National Resource Center for Supported Decision Making])